

Integrasyon Ng Multimedia: Batayan Sa Kasanayan Ng Mga Mag-Aaral Sa Makrong Pangkomunikasyon

GEMMA S. OROSCA

Jose Rizal Memorial State University-Dipolog Campus
gemmaorosca@jrmsu.edu.ph

CHERYL J. JUANCHO

Jose Rizal Memorial State University-Dipolog Campus
cheryljuancho@jrmsu.edu.ph

Abstrak — Ang pangunahing layunin ng pananaliksik na ito ay limiin ang mga datos ng mga mag-aaral sa Jose Rizal Memorial State University, Dipolog Kampus tungkol sa Integrasyon ng Multimedia: Batayan sa Kasanayan ng mga Mag-aaral sa Makrong Pangkomunikasyon. Ang pag-aaral na ito ay ginawa sa taong panuruan, 2017-2018. Ginamit ang talatanungan o questionnaire na binigay sa ilang mag-aaral sa Jose Rizal Memorial State University, Dipolog Kampus sa mga nagpapakadalubhasa sa Filipino. Ginamit ang Percentage Computation upang matukoy ang demograpikong profayl ng mga respondente, weighted mean naman ang gamit upang matukoy ang epektibong pagkatuto ng mga mag-aaral sa makrong kasanayan na gamit ang teknolohiya at ang Chi Square Test ay ginamit sa pagtukoy ng kaugnayan ng demograpikong profayl.

Natuklasan na ang laptop ang pangunahing kasangkapan na ginamit ng guro at mag-aaral sa paglinang ng kasanayan at kakayahan sa larangan ng pagtuturo at pagkatuto sa mga makrong kasanayang pangkomunikasyon dahil ito rin ang kasangkapan na taglay ng halos lahat ng guro at mag-aaral. Napatunayan na talagang labis na sumasang-ayon ang mga respondente na epektibo ang paggamit ng makabagong teknolohiya sa pagtuturo sapagkat mas nakatutulong ito sa paghahatid ng mga impormasyon at mas napapadali ang pagpapalawak ng kaalaman.

Keywords — *Integrasyon, Multimedia, Batayan, Kasanayan, Makrong Pangkomunikasyon*

I. Introduksyon

Ang sibilisasyon ay hinubog at pinanday ng kamay ng isang guro. Ito ang pahayag na madalas marinig hinggil sa isang nagtuturo. Ang kawalan ng buhay sa pagtuturo ay nagdudulot ng pagkabagot ng mga mag-aaral. Sa halip na ikasiya nila ang pagkatuto at pagpasok sa paaralan, lalong tinatamad ang mga mag-aaral. Hindi naisaalang-alang ng guro ang interes at kawilihan ng mga mag-aaral. Ang paulit-ulit na estratehiya na ginagamit ng guro ay isa ring dahilan kung bakit nawawalan ng gana ang mga mag-aaral sa pagpasok sa klase. Kasama rin dito ang kawalan ng sapat na kaalaman sa paksa at paghahanda sa pagtuturo. Ang ganitong senaryo ay nagdudulot lamang ng mababang marka sa mga mag-aaral at kawalan ng interes sa parte ng mga mag-aaral at ng guro. Kung gayon, kailan ba siya epektibo sa silid aralan? Magiging epektibo lamang ito sa tulong ng gurong mapamaraan at mga estratehiya.

Ayon kay Richards (2002), ay nagsabing ang epektibong guro ay malikhain. Ang kanyang klase ay masigla, kawili-wili at laging may bagong gawain. Hindi lamang ang magpunla at magkintal ng impormasyon o hangarin, kundi higit sa lahat ang ninanais ay matulungan ang mga mag-aaral na mapabuti ang buhay.

Sa patuloy na pag-inog ng panahon kasabay din ang pagdagsa ng mga makabagong teknolohiya ang gawaing pagtuturo ay maging kasiya-siya. Ang papel ng guro sa proseso ng pagtuturo at pagkatuto ay hindi lamang umiikot sa silid aralan. Kumikilos siya ayon sa dikta ng kanyang pilosopiya bilang isang edukador. Ang pagpapahalaga sa mga tinuturuang mag-aaral ang batayan sa pagpili at paghahanda ng mga araling magagamit upang makipag-ugnayan sa kanyang mga tinuturuan. Nababatid ng guro ang halaga na istrategiya at mga kagamitang instruksiyunal na makatutulong upang mapakilos ang mga mag-aaral tungo sa pagtugon at pagkatuto sa mas ikauunlad pa sa makrong kasanayang pangkomunikasyong ng mga mag-aaral. Kaya, ito ang nagbunsod ng mga mananaliksik na pag-aralan dahil ito ay may malaking ambag sa larangan ng pagtuturo at pagkatuto.

Kaugnay na Literatura

Ayon kay Lardizabal (2016), ang pagtuturo ay isang proseso ng komunikasyon ng guro at mag-aaral. Ang pagtuturo ay hindi na nakasalig lamang sa berbal na komunikasyon ng guro at mag-aaral. Maraming kagamitan ang pagtuturo at pagkatuto. Ang kagamitan pampagtuturo o kagamitang instruksiyunal ay anumang karanasan o bagay na ginagamit ng guro bilang pantulong sa paghahatid ng impormasyon, kasanayan, saloobin, palagay, katotohanan, pag-unawa at pagpapahalaga sa mga mag-aaral upang lalong maging konkreto, tunay, dinamiko at ganap ang pagkatuto. Sa paghahanda ng mga medyang instruksiyunal ay kailangang alamin ang karakteristik at pangangailangan ng estudyante. Tiyakin ang layunin, balangkasin ang nilalaman, planuhin ang suportang kakailanganin at isaalang-alang din ang mga materyal na paghahanguan. Sa pagsusulat, ihanap ng maayos ang mga ideya, pag-isipan at simulang buuin ang mga gawain at fidbak, humanap ng mga halimbawa at umisip ng mga grafiks.

Sinabi ni Bhalla (2013), na ang nakaraang dalawang dekada ay nakasaksi ng isang dynamic na paglilipat sa paraan ng mga kompyuter na ginamit bilang isang kasangkapan sa proseso ng pagtuturo at pagkatuto. Sa ngayon, ang uso ay lumilitaw na patungo sa paglikha ng mga kurso na partikular na naglalayong sa computer literacy, pati na rin sa pagsasama ng teknolohiya sa kompyuter sa iba pang mga lugar ng nilalaman sa kabuuan ng kurikulum. Dagdag dito, ang teknolohiyang kompyuter ay lalong inilalapat sa non-instructional (pag-iingat ng rekord, pag-average ng grado, komunikasyon, atbp.) At paggamit ng pre-instructional (pagbuo ng mga materyales, pananaliksik sa pagtuturo ng nilalaman, atbp.). Ang pagbabagong ito ay nagdulot ng isang sariwang pananaw sa paggamit ng mga kompyuter sa proseso ng pagtuturo-pag-aaral. Ang kamakailang pagsulong sa mga makabagong ideya sa teknolohiya at paggamit ng kompyuter ay mabilis na pagbabago ng kultura ng trabaho at hindi maaaring makatakas ang mga guro sa

katotohanan na ang pagtuturo ngayon ay dapat magbigay ng pag-aaral na sinusupportahan ng teknolohiya.

Dagdag pa ni Standsbury (2014), ang teknolohiya ay isang kasangkapang ginagamit sa pagtuturo na makakatulong sa mga estudyante na matuto ng mas mahusay kapag nagamit ng tama at maayos dahil ang mga sensory input na patuloy na isinasama sa mga bagong impormasyon ay may positibong epekto sa kaalaman ng isang estudyante.

Ayon kay Freeman (2013), ang teknolohiya ay masasabing katulad din ng mga tradisyonal na mga libro sa aspeto ng pagbibigay ng mga impormasyon. Subalit, ang kakayahan nito na ang mga teksto sa pamamagitan ng isang elektronikong kagamitan ay nagbibigay ng potensyal sa mga estudyante na gumamit ng mga teknolohiya, sa gayun nagagamit ang mas nakakawiling metodo kumpara sa tradisyonal na paraan ng pagsulat ng leksyon.

Batay naman kay Lee (2013), na marami pa ring guro sa ating mga paaralan, pribado man o pampubliko, ang gumagamit ng tradisyunal na pamaraan ng pagtuturo na nahasa sa maraming dekada. Sa ganitong sitwasyon hindi magkatugma ang kakayanan ng nagtuturo sa tinuturuan dahil mas maalam ang mga estudyante sa paggamit ng makabagong teknolohiya sa kanilang guro.

Ayon din kay Riel (2013), ang teknolohiya ay mabilis na nagbabago sa maraming aspeto sa lipunan at higit na malaki ang epekto nito sa mga kabataan kaya nararapat lamang na pag-aralang mabuti ang mga pagpapalano ng paggamit ng teknolohiya. Ang pagbabagong ito ay nagdulot ng isang sariwang pananaw ng mga guro sa makabagong pamamaraang ng pagtuturo sa pamamagitan ng paggamit ng mga makabagong kagamitan sa proseso ng pagtuturo-pag-aaral na huhulma sa kasanayan ng bawat inbidwal. Kasanayang pagmumulan ng kaalaman at kahusayan sa pagtataguyod ng kaakuhan, kamalayan at kalinangan sa pagtataya gamit ang makabagong teknolohiyal. Ito ang magiging mahalagang panghahawakan ng mga mag-aaral na magiging guro na may malawak na kaalaman sa teknolohikal (Villanueva, 2016).

II. Metodolohiya

Ginamit ang deskriptiv at evalwativ na pamamaraan. Ito ay disenyo ng pag-aaral na susuri at susukat sa mga datos na tutugon sa mga katanungan. Magbibigay ito ng mga impormasyon mula sa mga mananaliksik, sa mga libro at ebalwasyon. Sa pamamagitan ng impormasyong nakuha mula rito, magkakaroon ng mga solusyon ang mga katanungan o suliranin tungkol sa paggamit ng teknolohiya sa pagtuturo ng Filipino. Ang kinalabasan ng pagsusuri ang siyang tutukoy sa paggawa ng mga kagamitang pampagtuturo na nakabatay sa teknolohiya.

III. Resulta at Diskusyon

Talahanayan 1. Teknolohiyang Ginagamit sa Pagtuturo ng Asignaturang Filipino

Uri ng Teknolohiya	F	Percent
1. Digital Images	49	72.1 %
2. Power Point Presentation	61	89.7 %
3. Movie Maker Presentation	50	73.5 %
4. Video	53	77.9 %
5. Kompyuter	52	76.5 %
6. Pagbabasa ng Wattpad	25	36.8 %
7. DVD/CD Player	27	39.7 %
8. LCD Projector	58	85.3 %
9. Videocam	32	47.1 %
10. Laptop	64	94.1 %
11. Scanner	24	35.3 %
12. I-Pad	24	35.3 %
13. Cellphone	58	85.3 %
14. Digital Camera	41	60.3 %
15. Internet	59	86.8 %
16. Telebisyon	36	52.9 %
17. Radyo	29	42.6 %
18. Dyaryo	34	50 %
19. Speaker	54	79.4 %
20. Printer	55	80.9 %

Ang Talahanayan 1 ay naglalahad ng mga Teknolohiyang ginamit ng mga respondente sa pagtuturo ng kanilang mga guro. Ito ay may dalawampung iba't ibang uri ng mga teknolohiya. Mapapansin na ang laptop ang may pinakamataas na bilang na may bahagdan na 94.1, ang scanner at ipad naman ay may pinakamababang bilang na may bahagdan na 35.3. Sa kabuuan, masasabi nating ang laptop ang isa sa teknolohiyang pinakaginagamit sa larangan ng pagtuturo sa makabagong panahon.

Patunay lamang ang pag-aaral ayon kay Abella (2014), isang guro sa Macario B. Asistio Sr. High School, ang pagtatalakay na gamit ang makabagong teknolohiya tulad awdyo biswal sa pagtuturo ang pinaka-epektibong paraan ng upang maging kasiya-siya ang gawaing pagtuturo na nakabatay sa kagustuhan ng mga mag-aaral.

Talahanayan 2. Epektibong Pagkatuto ng mga Mag-aaral Gamit ang Multimedia ayon sa pagsasalita

Saklaw sa Pagsasalita	Mean	Interpretation
1.Naipapahayag ang damdamin sa pamamagitan ng mabisang Pagsasalita gamit ang Multimedia.	3.15	Labis na Sumasang-ayon
2. Nakakausap ang mga tao na may tiwala sa sarili sa iba't ibang kaparaanan gamit ang teknolohiya.	3.40	Talagang Labis na Sumasang-ayon
3.Nagagamit nang malinaw ang mga tayutay sa pagpapahayag.	3.28	Labis na Sumasang-ayon
4.Nakapagpapahayag sa madla namay sapat na kaalaman sa bokabularyo at gramatika.	3.06	Labis na Sumasang-ayon
5.May pagsaalang-alang sa konsepto o diwa na nakasalalay sa pakikipag-ugnayan sa kapwa.	3.01	Labis na Sumasang-ayon
6.May kasanayan sa pag-iisip sa pinakamaikling panahon lamang.	2.43	Labis na Sumasang-ayon
7.May kasanayan sa paggamit ng mga kasangkapan sa pagsasalita.	2.38	Sumasang-ayon
8. May kalakasang dating ang gilas sa harap.	2.68	Sumasang-ayon
9. Nakapagpapalawak sa takabo ng pahayag.	2.82	Labis na Sumasang-ayon
10.Napapaunlad ang katauhan o personalidad.	2.82	Labis na Sumasang-ayon
Average Weighted Mean	2.90	Labis na Sumasang -ayon

Mapapansin sa Talahanyan 2 ang resulta sa epektibong pagkatuto ng mga Mag-aaral sa Paggamit ng mga Teknolohiya sa Pagtuturo ayon sa Pagsasalita. Matutunghayan sa aytem 2 . Nakakausap ang mga tao na may tiwala sa sarili sa iba't ibang kaparaanan gamit ang teknolohiya, ang mga respondente ay talagang labis na sumasang-ayon na mayroong mean na 3.40, at nagkaroon ng pinakamaliit na mean ay ang aytem 7 na may kasanayan sa paggamit ng mga kasangkapan sa pagsasalita, na mayroong mean na 2.38 at may diskripsyong sumasang-ayon. Sa kabuuang weighted mean sa saklaw ng pagsasalita ay 2.90 na may diskripsyong labis na sumasang-ayon.

Ayon kay Standsbury (2014), ang teknolohiya ay isang kasangkapang ginagamit sa pagtuturo na makatutulong sa mga estudyante na matuto ng mas mahusay kapag nagamit ng tama at maayos dahil ang mga sensory input na patuloy na isinasama sa mga bagong impormasyon ay may positibong epekto sa kaalaman ng isang estudyante at sa mas mabisang pagkatuto lalong-lalo na sa makrong kasanayang may kinalaman sa pagsasalita.

Talahanayan 3. Epektibong Pagkatuto ng mga Mag-aaral Gamit ang Multimedia ayon sa pagsusulat.

Saklaw sa Pagsulat	Mean	Interpretation
Maayos ang pagkasunod-sunod ng diwa ng paksang isinusulat.	2.82	Labis na Sumasang-ayon
Nakasusulat ng akda ayon sa ibinabalangkas ng diagram.	2.88	Labis na Sumasang-ayon
Nakasusulat ng sulating pananaliksik.	3.21	Labis na Sumasang-ayon
Pagsulat ng komposisyon ayon sa larawan o serye ng mga larawan.	2.53	Labis na Sumasang-ayon
Maayos na naipahahayag ang diwa at damdamin sa akda kaya nakabubuo ng mahusay na akda.	67	Labis na Sumasang-ayon
Nakabubuo nang organisadong akda.	3.10	Labis na Sumasang-ayon
Nagagamit ang iba't ibang bantas.	2.50	Sumasang-ayon
Pagpapahalaga sa nakalap ng impormasyon.	3.00	Labis na Sumasang-ayon
Nagagamit ang denotasyon at konotasyon sa pagsusulat.	2.76	Labis na Sumasang-ayon
Nakagagamit ng kasingkahulugan o kasalungat na kahulugan sa mga salitang mahirap maunawaan.	2.79	Labis Sumasang-ayon
Average Weighted Mean	2.81	Labis na Sumasang-ayon

Mula sa Talahanyan 3, makikita na ang resulta sa paggamit ng mga teknolohiya sa pagtuturo ayon sa pagsusulat, maraming mga respondente ang talagang labis na sumasang-ayon sa aytem 3 na Nakasusulat ng sulating pananaliksik, kung saan ito ay may pinakamataas na mean na 3.21 at ang pinakamaliit na aytem 7 na Nagagamit ang iba't ibang bantas, na may 2.50 na mean. Ang kabuuang weighted mean sa kabuuang pagsusulat ay 2.81 a may diskripsyong Labis na sumasang-ayon.

Sinabi ni Bhalla (2013), na ang nakaraang dalawang dekada ay nakasaksi ng isang dynamic na paglilipat sa paraan ng mga kompyuter na ginamit bilang isang kasangkapan sa proseso ng

pagtuturo-pag-aaral. Sa ngayon, ang uso ay lumilitaw na patungo sa paglikha ng mga kurso na partikular na naglalayong sa computer literacy, pati na rin sa pagsasama ng teknolohiya sa kompyuter sa iba pang mga lugar ng nilalaman sa kabuuan ng kurikulum. Dagdag dito, ang teknolohiyang kompyuter ay lalong inilalapat sa non-instructional (pagsusulat, pag-iingat ng rekord, pag-average ng grado, atbp.) At paggamit ng pre-instructional (pagbuo ng mga materyales, pasusulat ng mga pananaliksik, pagtuturo ng nilalaman, atbp.). Ang pagbabagong ito ay nagdulot ng isang sariwang pananaw sa paggamit ng mga kompyuter sa proseso ng pagtuturo-pag-aaral lalong-lalo na sa gawaing pagsulat. Ang kamakailang pagsulong sa mga makabagong ideya sa teknolohiya at paggamit ng kompyuter ay mabilis na pagbabago ng kultura ng trabaho at hindi maaaring makatakas ang mga guro sa katotohanan na ang pagtuturo ngayon ay dapat magbigay ng pag-aaral na sinusuportahan ng teknolohiya.

Talahanayan 4. Epektibong Pagkatuto ng mga Mag-aaral Gamit ang Multimedia ayon sa Panonood at Pakikinig

Saklaw sa Panonood at Pakikinig	Mean	Interpretation
1. Natitiyak ng mga guro ang paggamit ng makabagong teknolohiya sa pagtuturo.	3.19	Labis na Sumasang-ayon
2. Binigyan pansin ang reaksyon ng bawat mag-aaral ang paggamit ng teknolohiya sa pagtuturo.	3.27	Talagang Labis na Sumasang-ayon
3. Mas naging interesado ang mga mag-aaral sa paggawa ng gawaing pampaaralan gamit ang teknolohiya.	3.58	Talagang Labis na Sumasang-ayon
4. Mapagtibay ang relasyon ng guro at estudyante sa paggamit ng teknolohiya sa pagtuturo.	3.56	Talagang Labis na Sumasang-ayon
5. Malaki ang naging ambag ng teknolohiya sa mga guro at estudyante.	3.40	Talagang Labis na Sumasang-ayon
6. Nagpapasigla at nagpapatibay ng tunguhin.	3.38	Talagang Labis na Sumasang-ayon
7. Napapanatili at napapatatag ang tiwala sa sarili dahil sa mga akda o genre na pinanood.	3.13	Labis na Sumasang-ayon
8. Naging mapayapa ang kalagayang pantao.	2.82	Labis na Sumasang-ayon
9. Ang paggamit ng teknolohiya ay naging gabay kung paano mo dalhin ang iyong sarili.	3.22	Labis na Sumasang-ayon
10. Nakipag-ugnayan ang mga mag-aaral sa may-akda o persona ng akda.	3.26	Talagang Labis na Sumasang-ayon
Average Weighted Mean	3.28	Talagang Labis na Sumasang-ayon

Mapapansin sa Talahanayan 4 ang resulta sa Paggamit ng mga Teknolohiya sa Pagtuturo ayon sa Panonood at Pakikinig. Mapapansin natin na ang aytem 3 na Mas naging interesado ang

mga mag-aral sa paggawa ng gawaing pampaaralan gamit ang teknolohiya, ang may pinakamataas na mean na 3.58 na may deskripsiyong talagang labis na sumsang-ayon. Ang aytem 8 na naging mapayapa ang kalagayang pantao ay nakatamo ng pinkamababang mean na 2.82 na may deskripsiyong labis na sumasang-ayon. Ang kabuuang weighted mean na 3.28 deskripsiyong talagang labis na sumsang-ayon.

Batay sa pag-aaral ni Hosseini (2015), nasusukat ang pagiging epektibo ng isang guro sa gawain, kaasalan at saloobin ng kanyang tinuturuan. Ito ang resulta ng kanyang mga gawain sa klase. Ito rin ang batas ng edukasyon na nakasentro sa kasalukuyang pangangailangan upang masakyan ang kagustuhan ng mga mag-aaral gamit ang makabagong teknolohiya. Dagdag pa niya na may mga guro na tradisyunal pa rin ang paraan ng pagtuturo kahit na lumaganap na ang pagbabago sa kasalukuyang panahon, nanatili pa ring nakapokus sa nilalaman, nakasentro sa guro, nakatuon sa pagtatalakay at pagpapaliwanag sa nilalaman na walang pagsasanib ng makabagong teknolohiya sa pagtuturo at pagkatutuo ng mga mag-aaral sa mas ikauunlad pa ng kanilang kaalaman.

Talahanayan 5. Epektibong Pagkatuto ng mga Mag-aaral Gamit ang Multimedya ayon sa Pagbabasa.

Saklaw sa Pagbabasa	Mean	Interpretation
1. Humuhubog ng kamalayan ng bawat indibidwal	3.12	Labis na Sumasang-ayon
2. Lumilinang ng malikhaing pag-iisip.	3.01	Labis na Sumasang-ayon
3. Lumawak ang talasalitaan	2.85	Labis na Sumasang-ayon
4. Kawalan ng gana sa pag-aaral ng iba't ibang asignatura	2.99	Labis na Sumasang-ayon
5. Naging lito sa pag-isip ng mga bagay	3.50	Talagang Labis na Sumasang-ayon
6. Tumaas ang reading comprehension ng mambabasa ng watsapp ngunit bumaba ang kanilang kasanayan sa paggamit ng wastong salita	2.74	Labis na Sumasang-ayon
7. Naging mataas ang kanyang pananaw sa buhay dahil sa mga ediyang nakuha niya sa pagbabasa ng mga kwento sa watsapp.	3.03	Labis na Sumasang-ayon
8. Naging mababa ang kanilang grado sa klase dahil sa madalas na pagbabasa gamit ang teknolohiya	2.72	Labis na Sumasang-ayon
9. Lumawak ang kakayahan sa pagbabasa ng mga kabataang nahuhumaling sa pagbabasa ng watsapp	3.00	Labis na Sumasang-ayon
10. Nadevelop ang pagpapalakas ng katotohanan sa mga nababasa.	3.18	Labis na Sumasang-ayon
Average Weighted Mean	3.01	Labis na Sumasang-ayon

Mapapansin sa Talahanyan 5 ang resulta sa Paggamit ng mga Teknolohiya sa Pagtuturo ayon sa pagbabasa. Matutunghayan dito na mas marami ang labis na sumasang-ayon, sa aytem 1 na hinuhubog ang kamalayan ng bawat indibidwal na mayroong mean na 3.12 at ang pinakamaliit na mean naman ay ang aytem 4 na may pahayag na kawalan ng gana sa pag-aaral ng iba't ibang asignatura na may mean na 2.99 at may diskripsiyong labis na sumasang-ayon. Ang kabuuang weighted mean sa pagbabasa na larang ay 3.01 at may diskripsiyong Labis na Sumasang-ayon.

Ayon kay Freeman (2013), ang teknolohiya ay masasabing katulad din ng mga tradisyonal na mga libro sa aspeto ng pagbibigay ng mga impormasyon. Subalit, ang kakayahan nito sa pagpapakita ng mga teksto ay sa pamamagitan ng isang elektronikong kagamitan na nagbibigay ng potensyal sa mga estudyante na gumamit ng mga teknolohiya, sa gayun nagagamit ang mas nakakawiling metodo kumpara sa tradisyonal na paraan ng pagbabasa ng iba't ibang paksa.

Talahanayan 6. Kaugnayan ng Demograpikong Profayl ng mga Respondente Ayon sa Edad at ang kanilang Kasanayan sa Makrong Pangkomunikasyon sa Paggamit ng Teknolohiya sa Pagtuturo ng Asignaturang Filipino.

Factors Compared	Kasanayan sa Makrong Pangkomunikasyon na Gamit ang Teknolohiya sa Pagtuturo ng Asignaturang Filipino					
Profile of the Respondents	A	Df	Tv	x2 value	Interpretation	Action/ Decision
Edad	$\alpha = 0.05$	1.00	3.841	0.0965	No Significant relationship	H0 was accepted

Makikita sa talahanayan 9 na walang kaugnayan ang demograpikong profayl ng mga respondente ayon sa edad ito ang kanilang antas sa makrong kasanyan ng mga mag-aaral na may integrasyon ng multimedia sa asignaturang Filipino. Ipinakita na ang Tabular Value(TV) na may value na 3.841 na mas Malaki kaysa computed Chi-Square Value(X^2) na may value 0.0965 na kung saan ito ay may 0.05 na level at significance at 1.00 Degree of Freedom (DF) na humahantong sa pagtanggap ng null hypothesis ang nasabing resulta ay nangangahulugan na walang kaugnayan ang edad ng mga respondente sa kanilang kasanayan sa makrong pangkomunikasyon sa paggamit ng teknolohiya sa pagtuturo ng asignaturang Filipino.

Talahanayan 7. Kaugnayan ng mga Demograpikong Profayl ng mga Respondente Ayon sa Kasarian at ang kanilang Kasanayan sa Makrong Pangkomunikasyon sa Paggamit ng Teknolohiya sa Pagtuturo ng Asignaturang Filipino.

Factors Compared	Kasanayan sa Makrong Pangkomunikasyon Gamit ang Teknolohiya sa Pagtuturo ng Asignaturang Filipino					
Profile of the Respondents	A	Df	Tv	x ² value	Interpretation	Action/ Decision
Kasarian	$\alpha = 0.05$	1.00	3.841	1.512	No Significant relationship	H0 was accepted

Mapapansin sa Talahanayan 7 ang kaugnayan ng demograpikong profayl ng mga respondente ayon sa kasarian at kanilang Kasanayan sa Makrong Pangkomunikasyon sa Paggamit ng Teknolohiya sa Pagtuturo ng Asignaturang Filipino. Ipinapakita na ang Tabular Value (TV) na may value na 3.841 na mas malaki kaysa Computed Chi-Square Value (X^2) na may value na 1.512 na kung saan ito ay may 0.35 na level of significance at 1.00 Degree of Freedom (DF) na humantong sa pagtanggap ng null hypothesis. Ang nasabing resulta ay nangangahulugan na walang kaugnayan ang kasarian ng mga respondente sa kanilang Persepsyon sa Paggamit ng Teknolohiya sa Pagtuturo ng Asignaturang Filipino.

IV. Konklusyon

Napatunayan na talagang labis na sumasang-ayon ang mga respondente na epektibo ang paggamit ng makabagong teknolohiya sa pagtuturo sapagkat mas nakatutulong ito upang mapadali ang paghahatid ng mga impormasyon at mas napapalawak nito ang kaalaman ng mga mag-aaral. Batay sa naging resulta, ang laptop ang pangunahing kasangkapan na ginamit ng guro at mag-aaral sa paglinang ng kasanayan at kakayahan sa larangan ng pagtuturo at pagkatuto sa mga makrong kasanayang pangkomunikatibo. Ito rin ang kasangkapan na halos lahat ng guro at mag-aaral ay may taglay nito at pinakagamitin sa larang ng pagtuturo at pagkatuto.

REPERENSIYA

- [1] Angara,E. (2011). Angara:Tech-Based Education area Wealth & Job Creators.Senate of the Philippines 18th Congress. Legacy.senate.gov.ph
- [2] Bhalla, J. (2013). Computer use by school teachers in teaching-tearning process.Journal of Education and Training Studie Vol. 1, No. 2; October 2013 ISSN 2324-805XE-ISSN 2324-8068 Published by Redfame Publishing.Retrieved on December 6, 2016.<http://redfame.com/journal/index.php/jets/article/viewFile/98/19>
- [3] Freeman, D. L. (2013). Transfer of Learning Transformed. English Institute, University of Michigan, 555 South Forest, Ann Arbor, MI 48 104.Feb 13,2013.<https://doi.org/10.1111/j.1467-9922.2012.00740x>
- [4] Hosseini, H. (2015).Development of Technological Pedagogical Content Knowledge Through Constructivist Activities.Islamis Azad University-South Tehran branch, Tehran, Iran.
- [5] Lee, H. (2013). Mobile social media: future challenges and opportunities. Research Article, Vol.Issue 1,2013.<http://doi.org/10.1.177/2050157912459499>.
- [6] Richards (2002), Isang Maikling pagtuturo ng isang wika tungo sa pagdevelop ng Kasanayan pangkumunikatibo: Mga tunguhin at estratehiya. Philippine Linguistics Congress. University of the Asian and the Pacific
- [7] Riel, M. et. Al, (2013). You Say You Want Revolution? Transforming Education and Capacity Building in Response to Global Change.scholar.google.com
- [8] Standsbury (2014). So Each May Learn: Integrating Learning Styles and Multiple Intelligences.Stanbury Associates, Inc. New Jersy.
- [9] Villanueva,V.M (2016).Makabayang Pedagohiya sa Pagpapatupad ng OBTEC (Outcome Based Curriculum) Filipino sa Pamantasang Normal ng Pilipinas Maynila.The Normal, 10(2),157-181.